

KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS


KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Museo ni G. Taro Okamoto 「Ang Alamat ng Bukas」

259

岡本太郎美術館「明日の神話 完成への道」展



Ang pinturang likha mula sa iba't ibang karanasan ni ginoong Taro Okamoto na pinamagatang ["Ang Alamat ng Bukas" ang pagtatapos] ay ipapalabas bilang eksibisyon sa Taro Okamoto Bijyutsukan. Mula sa kanyang pakikibaka at pakikipagsapalaran sa buhay sa larangan ng lipunan at ng mundo ng arte, at sa pagnanais niyang iparating sa kasalukuyan ang daan ng buhay, kanyang nilikha ang mga larawang ito.



Tampok sa eksibisyong ["Ang Alamat ng Bukas" ang pagtatapos] ang natatanging alamat at ang pagkagawa nito kabilang ang mga orihinal na drawing, projected images, larawan kung saan ipinakikilala ang kabuoan nito. Magtatapos ang eksibisyon sa ika-3 ng Oktubre.

Makakarating sa Okamoto Taro Bijyutsukan sa pamamagitan ng pagsakay ng Odakyu Line at bumaba sa Mukogaoka Yuen ng may 17 minutong lakad mula sa istasyon. Para sa iba pang detalye, tumawag sa Okamoto Taro Bijyutsukan: 044-900-9898.

2006 Tamagawa Half-Marathon sa Kawasaki

260



Panawagan sa lahat ng mga nagnanais lumahok sa Ika-2006 Tamagawa Half-Marathon sa Kawasaki na gaganapin nitong ika-19 ng Nobyembre (Linggo) Halina't danasin ang paglanghap sa sariwang hangin nitong panahon ng tag-lagas.

Ang mga ibentong maaaring salihan:

Half Marathon

Sampung kilometrong kurso

Tatlong kilometrong kurso

Pares ng Magulang at Anak Isang kilometrong kurso

Bibigyan ang lahat na kasali ng libreng T-shirts at para sa mga magwawagi ay gantimpalang medalya, sertipiko, at katibayan ng pagsali atbpa.

Tungkol sa detalyadong impormasyon sa pagtanggap ng mga nais lumahok, tunghayan ang mga leaflets na ipinamimigay sa mga Aklatan, Civic halls at mga pampamahalaang tanggapan. Ang palugit ng pag-aaplay ay sa ika-6 ng Oktubre. Magtanong at mag-aplay sa: Tamagawa Half Marathon in Kawasaki Entry Center 03-3714-4609.






Livestock Products Fair 2006

261

ちくさんフードフェア2006



Dalawang magkasunod na araw : Sabado ika-7 at Linggo, ika-8 ng buwan ng Oktubre, gaganapin sa Higashi Ogijima ng Kawasaki ward ang [Chikusan Food Fair 2006] sa isang bahagi ng Livestock Products Fair ng Japan Meats Distribution Center.

Sa ibentong ito, makikita at mabibili ang mga karne ng baka, baboy at mga processed foods na galing sa iba't-ibang lugar ng bansa. Bukod sa ibentong ito magkakaroon din ng Barbeque Corner kung saan makakatikim ng inihaw na baka, mahahawakan at malalapitan ang mga Kordero, Bisero at mga Kuneho, at maaari ding sumakay sa pony.

Sa kalapit-lugar nitong Marien, gaganapin ang Minato Matsuri. Halina at mag-enjoy ng kahit isang araw kasama ang inyong pamilya!

Upang marating ang Japan Meats Distribution Center, Sumakay ng bus [#05] ng JR Higashi guchi papuntang Higashi Ogijima jyunkan at bumaba ng [Nihon Shoku niku Ryutsu Senta]

Sa iba pang detalye, tumawag sa Kawasaki City Economic Affairs Bureau, Commerce and Tourist Department: 044-200-2328.

Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan

Magsisimula na ang Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan nitong Oktubre ng ika-una at ikatlong itinakdang araw ng buwan. Ang iskedyl ay ang mga sumusunod:


Asao Ward Office

Kawasaki Ward Office

| Wika | Araw | Oras | * | Wika | Araw | Oras |
|---------|------------|-------------|---|---------|------------|-------------|
| Intsik | Martes | 9:30-12:00 | * | Intsik | Martes | 14:00-16:30 |
| Tagalog | Miyerkoles | 14:00-16:30 | * | Tagalog | Miyerkoles | 9:30-12:00 |
| Ingles | Huwebes | 9:30-12:00 | * | Ingles | Huwebes | 14:00-16:30 |

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at * Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

* Mula ika-1 ng Septyembre, malilipat ang araw ng konsultasyon sa wikang Kastila mula **Huwebes** sa araw ng **Miyerkoles**

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/